

Mahal naming mga pamilya sa ASD,

Bilang konsiderasyon ng Marso 17 COVID-19 Kautusan ukol sa Kalusugan ng Gobernador Dunleavy ngayong umaga, hiniling ko sa mga tagapangasiwa na pauwiin ang mga empleyado para mag-telework hanggang maabisuhan.

Batay sa bagong patnubay, nais ng Distrito na masiguro na ginagawa nito ang lahat ng posible para maprotektahan ang mga tauhan at maiwasan ang paglaganap ng virus na ito. Kinikilala ng Distrito na gumaganap ito ng malaking papel para pababain ang kaso ng COVID-19, at kami ay naniniwala na ang pagpayag sa nakararaming tauhan na posibleng magtrabaho sa bahay ay ang pinaka-responsableng aksyon.

Para makasulong, ang pamunuan ng ASD ay gagamitin ang araw ngayon para masuri ang sitwasyon at malaman ang susunod na mga aksyon. Ang Distrito ay magsasagawa ng pagsusuri sa mga kakailanganin kasama ang mga empleyado para makatulong na malaman kung ang mga aksyon ng Distrito para matugunan ang aming mga layunin sa edukasyon at misyon sa pagsulong.

Ang bagong mga pagbabago ay maaaring limitahan ang personal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng tauhang miyembro ng ASD at ng publiko. Ang hangarin, muli, ay maprotektahan ang aming tauhan at magawa ang lahat ng posible para maiwasan ang paglaganap ng COVID-19.

### **Anong mga serbisyo ng ASD ang mananatili na maaaring magamit?**

#### Mga Serbisyong Pangkalusugan

Para sa mga estudyante na nangangailangan ng nars na suporta, mangyaring makipag-ugnayan sa Serbisyong Pangkalusugan ng ASD sa 907-742-4136 o mag-email sa [healthcareservices@asdk12.org](mailto:healthcareservices@asdk12.org). Nais ng Distrito na magbigay ng anumang posibleng suporta sa mga estudyante na maaaring may mataas na panganib alinsunod sa mga patnubay ng CDC.

#### Nutrisyon ng Estudyante

Ang Nutrisyon ng Estudyante ng ASD ay magpapatuloy na mamimigay ng pagkain na nakabalot-na-agahan at pagkain sa tanghalian para sa sinumang bata na 18 o mas bata pa sa mga lugar na itinatag para sa serbisyo sa pagkain. Ang mga ruta ng mobile na serbisyo sa pagkain ay mananatili ayon sa iskedyul upang tumulong sa mga estudyante at mga pamilya na hindi kayang makapunta sa mga lugar kung saan namamahagi ang ekuwelahan. Ang impormasyon ukol sa mga lugar na nagpapakain at ruta ng mobile na bus para sa nagbababa ng mga pagkain ay makikita [dito](#).

## Pang-edukasyong Mapagkukunan

Sa loob ng nitong dalawang linggo, ang ASD ay magpopokus sa mga gawain para sa karagdagang pag-aaral ng mga estudyante. Ang karaniwang pagtuturo hindi magaganap sa silid-aralan, at sa gayon ang mga takdang-aralin ay hindi kailangan o mabibigyan ng grado sa panahong ito. Ngunit, mahalaga ang mga ito, at hinihikayat namin kayo na makisali sa pagtuturo sa inyong anak.

0 Kasama sa link ng [Mapagkukunan ng Pamilya](#) na nasa ASD COVID-19 website ang mga Edukasyong Mapagkukunan. Ito ay nilalaan para mabigyan ng ideya ang mga pamilya ng mga gawain na maaari nilang gawin sa bahay sa panahon ng dalawang-linggong pagsasara. Bilang karagdagan sa website ng distrito, ang mga guro ay magbabahagi ng mga gawain para sa karagdagang pag-aaral ng kanilang mga estudyante at mga pamilya.

Ang mga guro ng ASD ay nagsusumikap sa pakikipag-ugnayan sa kanilang mga estudyante at mga pamilya para masuri ang kahandaan na maipagpatuloy ang mga gawaing pang-edukasyon sa panahon ng pagsasara ng eskuwelahan. Mula sa araw na ito, ang tauhan ng ASD ay nakapagtala na ng mahigit sa 41,000 tawag sa telepono mula sa mga pamilya!

Ito ang mga sinabi ninyo sa amin:

- 91 porsiyento ng mga sambahayan ay nakapag-ulat ng sapat na pangangalaga sa anak sa panahon ng pagsasara ng eskuwelahan
- 87 porsiyento ng mga sambahayan ay mayroong mabilis na internet sa bahay
- 4 porsiyento ay walang internet sa bahay

Kaugnay sa mga aparato:

- 41 porsiyento ay mayroong desktop computer sa bahay
- 70 porsiyento ay mayroong laptop computer sa bahay
- 57 porsiyento ay mayroong tablet sa bahay
- 69 porsiyento ay mayroong smartphone na may data
- 5 porsiyento ay walang aparato sa bahay
- 65 porsiyento ay maaaring maka-imprenta sa bahay

Gagamitin namin ang impormasyong ito sa pagsulong kung kakailanganin naming magbuo ng mas-matagal na mga plano para sa pag-aaral sa malayo sa kabuuan ng distrito.

Sa inyong pagkakaalam, ang sitwasyon ay patuloy na nagbabago sa mabilis na hakbang, kaya salamat sa inyong pasensya. Ipagpapatuloy ng ASD na magbigay ng pinaka-napapanahong impormasyon sa pamamagitan ng [website](#) na ito. May tiwala ako na magtitiyaga tayo sa panahong ito, at ang pagtitiyaga ang pinakamalaking bagay na may halaga para sa ating mga estudyante para makapag-aral sa mundo ngayon.

Salamat sa inyo,

Dr. Deena Bishop  
Tagapamanihala